

Chapter One



U mikot ang mga mata ni Saskia habang naglalakad sa aisle ng eroplanong magdadala sa kanya sa Masbate. She hated everything today. She hated the small plane, the narrow aisle, her heavy carry-on bag and she hated the fact that she was going to that Godforsaken place against her will.

Muli niyang tiningnan ang ticket at sinigurong tama ang tinutumbok niyang upuan. Nakita na niya ang magiging upuan niya sa susunod na isang oras. At dahil pinili niya ang window side ay nadismaya siya nang makitang may nakaupo na sa aisle side. Muli siyang napabuntong-hininga, ibig sabihin ay kailangan niyang mag-excuse sa lalaking nakaupo na, tatayo ito sa masikip na eroplano, magpapasalamat siya pagkatapos at malamang sa malamang ay kakausapin na siya nito sa loob ng isang oras. Great! She was really in a mood for a chit-chat—not!

Hinanda niya ang wala-sa-mood-makipag-usap na mukha at tumuloy sa nakatalaga niyang seat number. Inuna niyang buksan ang overhead compartment at nagkakandabaluktot na isiniksik doon ang kanyang bag. Inaasahan niyang tatayo ang

lalaki at tutulongan siya, pero sa peripheral view ay hindi man lang ito natinag sa pagbabasa ng kung anong libro.

Ayos lang, pairap na sabi niya sa sarili.

Nang mapagkasya ang bagahe ay saka pa lang siya nagsalita nang hindi tinitingnan sa mukha ang kausap. “Excuse me.”

Walang kibong tumayo ang lalaki at tahimik siyang pinadaan. Hanggang sa makaupo na sila pareho ay wala ni isang salitang namayani. Patuloy lamang sa tahimik na pagbabasa ng libro ang kanyang katabi.

Bumuntong-hininga si Saskia at nagdesisyong makinig na lang ng tugtog sa kanyang music player. Mayamaya pa ay umangat na ang eroplano. And off she went. To a possibly new life. A better life, she hoped...

“Bitch! Lahat naman alam kung ano ka, eh. Ikaw lang itong pa-demure. I’m so glad that video came out, at least ngayon alam na ng mga tao kung gaano ka kalandi!” Lynette said mockingly.

“You pathetic whore, no wonder, lahat ng mga lalaki ay halos hindi ka lubayan. Dahil alam nilang konting suyo lang sa ’yo ay bibigay ka na...” segunda naman ni Camille, isa sa dalawang kagrupo ni Lynette.

“Ang ipinagtataka ko lang sa ’yo, sa dami ng lalaking willing kang ikama, kailangan mo pa

talagang patusin si Jerick. Alam mo namang boyfriend na siya ni Lynette.”

Nilingon ni Saskia ang paligid. Pinagtitinginan siya ng lahat ng mga estudyante na nasa hallway ng universidad. They all looked at her as if she was the cheapest, dirtiest girl they'd ever seen.

“Get lost, Saskia! Mahahawa lang ang mga estudyante dito sa kalandian mo!” one of them shouted.

Nanginginig siya, pahiyang-pahiya. Gusto na lang niyang kainin siya ng lupa sa kanyang kinatatayuan. Ramdam ni Saskia na pinagpapawisan na ang mga kamay niya at nag-iinit na ang kanyang mukha. She wanted to cover her face because of shame but she knew there was no use.

“Sisiguruhin kong kakalat sa buong Internet ang video mo, Saskia. Para malaman ng mga tao kung anong klaseng babae ka.” Pagkatapos ay ang nakabibinging halakhak ni Lynette ang narinig niya.

And then the rest of the students started calling her names. “Bitch! Whore! Malandi! P*ta!” Kulang na lang ay pagbabatuhin siya ng mga ito.

“No! Listen to me... Wait...”



“No!” Bigla ang pagmulat ng mga mata ni Saskia. They just landed. “Damn it...” anas niya habang madilim ang mukhang hinahabol ang paghinga.

Kahit sa panaginip ay hindi pa rin siya tinigilan

ng mga malditang babae. She felt furious. Marahas na pinahid niya ang namumuong luha sa mga mata.

For Pete's sake!

Ipinangako niya sa sariling hindi siya iiyak, but her eyes were still stinging.

“Here...”

Napaligon siya sa katabing nakalimutan na niya. Una niyang nakita ang puting panyong iniaabot nito. Napatiim-bagang siya bago ito tuluyang tiningnan. Hindi siya makapaniwala. Talaga bang inubos niya ang isang oras na katabi ang lalaking ito?

He looked like a celebrity. Definitely not an actor. A model. A men's cologne model. Or clothing model?

“Do you want it?”

Napasinghap siya sa muli nitong pagsasalita. Damn, malandi nga talaga siguro siya. Mabilis niyang inirapan ang lalaki. “No, thank you. I'm fine.”

Hinintay niyang ipilit nito ang panyo, pero sa halip ay tumayo na ito at binuksan ang overhead compartment. Natigilan pa siya nang ibaba nito ang kanyang bag sa nilisang upuan at tuloy-tuloy nang tumalikod at nakihalo sa mga pasaherong pababa ng eroplano.

Maang lang na napasunod siya ng tingin sa papalayong pigura nito. A firm muscled back side of a tall guy with his disheveled hair reaching his nape.

Napailing siya. “You are unbelievable, Sas,”

bulong niya.

Nang makalabas ng airport ay hinanap niya ang sundo.

“Saskia!” mula sa kung saan ay tawag sa kanya ng pamilyar na boses.

“Nanay Choleng!” masaya niyang bati at nagmano.

“Kumusta ang byahe?” Kaagad nitong inabot ang kanyang bag.

“Ako na, 'Nay, kayang-kaya ko 'to.”

Ang Nanay Choleng ni Saskia ang nag-alaga sa kanya simula noong tatlong taong gulang pa lang siya. Kung nasaan siya ay naroon din ito. She spent all of her life moving from her mom to her dad. Naghiwalay ang mga ito nang siya ay dalawang taong gulang pa lamang. And although they were civil with each other, hindi nag-uusap ang mga ito kung hindi tungkol sa kanya. Nang tumuntong siya ng high school ay kung saan na lang niya naisipang tumuloy. Both her parents didn't mind. Basta kasama niya ang butihin niyang tagapag-alaga. Si Nanay Choleng.

Kasama niya ito sa Maynila sa bahay ng kanyang ama wala pang isang linggo ang nakalilipas. Pero matapos ang 'nangyari', inutusan ito ni Eugene, ang kanyang ama, na dalhin siya sa Masbate para iiwas sa eskandalo. Nauna lang ito nang dalawang araw para bitbitin ang karamihan sa kanyang mga gamit at nang maasikaso na rin ang kanyang

titirhan. Mabuti na lamang at malaki ang pasahod sa matanda, nakapagpatayo ito ng maayos na bahay sa Masbate. It wasn't in the city, though.

Ngumiti ang dalaga. “Nay, hinanda n’yo ba ang mga paborito ko?” tanong niya habang nakabuntot dito.

“Hindi. Aba’y ang aga-aga pa,” walang anuman nitong sagot.

Napapadyak siya. “Nay naman, eh! Umaasa pa man din akong may grand welcome sa akin.” Umikot ang mga mata niya. Wala nang reservation sa pagitan nilang dalawa. The old woman treated her as her child. A normal child. Iyong walang espesyal na pangangailangan.

“Sasama ka sa akin mamaya sa pamamalengke at ikaw mismo ang pipili ng lulutuin natin,” deklara pa nito at hinawakan na ang kanyang braso para bumilis ang kanyang paglalakad.

Napanganga si Saskia. “Bakit? Eh, alam n’yo naman kung anu-ano ang mga paborito ko. Alam n’yo nang bilhin iyon. Gusto ko nang magpahinga.”

Saglit siya nitong nilingon na tila hindi makapaniwala sa kanyang sinasabi.

“Saskia, ilang araw ka nang namamahinga. At alalahanin mong hindi ka magbabakasyon dito. Mukhang nakalimutan mo na kaagad ang usapan.”

Napaingos siya. Ang mahiwagang usapan. Titira siya sa bahay ni Nanay Choleng kasama ang pamilya nito. Aalagaan pa rin siya ng matanda, sisiguruhing

maayos siya. Tatanggap pa rin ito ng normal na sahod mula sa kanyang mga magulang. Dapat ay padadalhan din siya ng allowance ng mga ito. Pero salamat kay Nanay Choleng, napagdiskitahan nitong kumbinsihin ang mommy at daddy niya na huwag siyang padadalhan ng pera. Ayon dito ay hahanapan si Saskia ng mapapasukang trabaho upang kumita siya at may panggastos. Nang sa gayon ay magiging abala siya at hindi makakaisip ng kalokohan. Of course she was against it. But once again, she knew why Nanay Choleng thought of the idea.

Ayaw nitong mag-isa siya palagi at walang ginagawa. Tama ito. She was just on the plane for only an hour and already, her nightmares visited her.

“Sa tingin mo naman, 'Nay, may tatanggap sa akin? Graduating pa lang ako, wala pa akong mga papeles. And what made you think I could do office jobs? Samantalang pinapa-type ko pa lahat ng mga projects ko.”

Umikot ang mga mata ni Saskia nang tumawa ang matanda na dere-derecho pa rin sa paglalakad habang hatak-hatak siya. Nangangalay na ang braso niya sa bitbit na bag. “Sino’ng may sabi sa ’yong sa opisina ka magtatrabaho?”

Napatawa na rin siya, sabay lapag ng gamit na ikinatigil din nito. “Ano pala’ng trabaho? Masyado n’yo na talaga akong ina-under kung iniisip n’yong papayag akong maging katulong o labandera.”

Bumuntong-hininga ito at nginisihan lang niya.

“Bilisan mo ang paglalakad at baka iwan tayo ng sundo,” sa halip ay saad nito at dinampot ang nilapag niyang bag at muling nagpatiuna.

Padabog na sumunod si Saskia, hindi alintana ang mga matang nakasunod sa kanya. “Ano nga, ‘Nay? Anong trabaho?” Tuluyan na siyang n-a-curious.

“Waitress,” sa wakas ay sagot nito.

Napabilis ang paglalakad niya at biglang n-a-excite. “Hindi nga, ‘Nay...”

“Mabuti iyong maraming tao sa paligid mo, kung anu-anong kababalaghan ang ginagawa mo pag mag-isa ka.”

Dapat ay masaktan siya sa sinabi nito, pero sanay na siya kay Nanay Choleng. She would always mean well. Malawak siyang napangiti at masaya nang naglakad habang ini-imagine ang sarili sa isang sexy waitress uniform. “Waitress,” ulit niya. “Yeah, I can do waitress.”

Ilang segundo ang nakalipas ay nakita na ni Saskia ang itim na *Ford* pick-up truck na kalalabas lang sa isang maliit na parking area. Napasipol siya.

“Nice car, ‘Nay! Sa inyo ‘yan?”

“Kay Vance ‘yan, taga-doon din sa Santa Imelda,” mabilis nitong sagot at kumaway sa sasakyan.

Hindi niya alam kung bakit bigla siyang natigilan habang nakatingin sa tinted na sasakyan. Bigla ay pumasok sa isip niya ang katabi kanina sa eroplano. She had a feeling he—

At bigla ay tumigil ang sasakyan sa harap nila at ibinaba ng driver ang bintana sa kanilang gawi. And there was that hard-angled face again. So beautifully sculpted it was almost surreal.

His eyes had the darkest shade of brown with a hint of gray. He had the most aristocratic nose she had ever seen and his thick lips were smooth with a mix of brown and pink color. Dahil nasimulan na rin naman niya ay tuluyan niyang iginala ang paningin sa hitsura ng estranghero. Down to his stubbled face and back up to his untamed hair. It was long for a guy's hair, but it looked even more manly.

His built was flawless. Lean shoulders, muscled arms and—okay, tama na.

“Ano pa’ng hinihintay mo diyan, Saskia?”

Napalingon siya sa kasamang matanda na nasa loob na pala ng sasakyan habang siya ay nakatanga sa harap ng bintana. Nang bigla ay tanguan siya ng lalaki at bahagyang ngitian ay napaigtad siyang muli.

What the friggin’ hell!

“Get in, ako na ang maghahatid sa inyo,” came that insanely handsome voice.

“Saskia!” muli ay tawag ni Nanay Choleng.

Napatuwid siya sa pagkakatayo bago patakpong pumasok sa sasakyan. Napaigik ang matandang babae nang hindi sinasadyang maupuan niya ang isa nitong hita sa pagmamadaling makaupo.

“Saskia, ano ba’ng nangyayari—”

“Sorry po,” mabilis niyang putol dito.

“Batang ’to,” nailing nitong saad bago hinarap ang nag-uumpisa nang magmanehong lalaki. Nakaupo sila sa likuran nito. “Vance, ito ang alaga ko sa Maynila, si Saskia.” Nilingon siya ng matanda. “Sas, si Vance, kapitbahay namin. Alam kong darating siya ngayon kaya nag-text ako sa kanya kung puwedeng sumabay na lang tayo pag-uwi niya. Isa lang naman ang byahe ng eroplano papuntang Masbate kaya alam kong magkakasabay kayo.”

“Hi, Saskia... It’s nice to meet you.” Vance politely nodded while looking at her on the rearview mirror.

Sa ngayon ay nakabawi na ang dalaga. Malawak siyang ngumiti. “Nice to meet you, too. Taga-dito ka talaga?” tuloy-tuloy niyang tanong at di pinansin nang sikuhin siya ng katabi.

Sa hitsura ng lalaki ay tila natagalan bago rumehistro dito ang kanyang tanong. He just stared at her. “Lumipat lang ako dito five months ago,” sagot nito pagkuwan.

“Why? May kasama ka ba dito?”

“Saskia, akala ko, pagod ka? Matulog ka na muna at kalahating oras din ang byahe,” tuluyan nang sali ni Nanay Choleng habang palihim siyang pinandidilatan.

“What?” defensive niyang saad. Nilingon niya ang lalaki na ngayon ay blangko na ang ekspresyon habang nakatingin sa kalsada, wala rin yatang balak

sagutin ang tanong niya.

“Ano’ng mali sa tanong ko?” di makapagpigil na pabulong niyang untag sa matanda.

Kulang na lang ay kurutin siya nito sa singit. “Diyaskeng bata ka, mamaya na tayo mag-usap sa bahay.”

“Fine!” Umikot ang mga mata ni Saskia bago itinutok sa rearview mirror. Balak niyang pagsawain ang sarili sa panonood sa seryosong mukha ni Vance.

Why so serious? she wanted to ask. Pero baka tadyakan na siya ng butihin niyang tagapag-alaga. Ngunit tila nagsipagtayuan ang balahibo niya sa batok nang biglang salubungin ng lalaki ang kanyang tingin. A blank, deadpan look. So it wasn’t supposed to make her heart jump out of her skin. It wasn’t supposed to make her feel weak in the knees.

And then he smiled politely. Now that was more like it. May dahilan na kung bakit parang gusto niyang mamilipit sa kiliting nararamdaman sa buo niyang sistema.



Chapter Two



Ilang segundo na ang nakalipas ay nakasunod pa rin ang paningin ni Saskia sa papalayong sasakyan ni Vance. Pasimpleng tumango lang ang lalaki bago sila bumaba. Wala ni isang salita ang lumabas sa bibig nito kahit halos hindi na siya bumaba ng truck sa kapapaalam.

“Sas, sinasabihan kita ngayon pa lang. Huwag mong idadamay ’yung tao sa kalokohan mo.”

Iyon ang pumukaw sa nagliliwaliw niyang isip. Mabilis niyang nilingon si Nanay Choleng na kanina pa pala nakamasid sa kanya. “Kung makapagsalita naman kayo, ’Nay. Ano namang kalokohan ang magagawa ko dito?”

Tinaasan lang siya nito ng kilay at hinatak na papasok sa mababang kahoy na gate, bitbit ang kanyang bag. “Naku, kilala na kita, bata ka. May crush ka kaagad d’un sa tao.”

Napahalakhak siya bagaman alam na namumula ang kanyang mukha. Pasalamat na lamang siya at talagang sobrang init sa Santa Imelda at normal lang na mamula ang kanyang balat kapag mainit ang panahon. “Nay, ngayon ko lang nakita ang Vance na ’yun. Paano ko naman siya magiging crush?”

Pigil ang tawang muling tumaas ang kilay ng

kanyang kausap. “Di pigilan mo ’yang pagkislap ng mga mata mo na para kang nakakita ng artista. Kulang na lang sundan mo ’yung sasakyan, eh!”

“Nanay talaga,” medyo pikon na niyang saad.

Magdadadakdak pa sana ang dalaga, pero napigil iyon nang mabungaran ang nasa harapang bahay. Nanlaki ang mga matang sinundan niya ang isang malaking paruparo na palipat-lipat sa pagdapo sa mga bulaklak na wala siyang ideya kung ano ang mga pangalan. Nagtitingkaran ang mga kulay niyon. They were all bright red, pink, yellow and orange. There were blue and white flowers too on top of a lush green bushes all around the house.

Simpleng bungalow lang ang bahay na napipinturahan ng puti na mas nagpatingkad sa makulay na bakuran. Malalaki ang bintana, nakikita niyang may pare-parehong kulay ng kurtina, matingkad na asul na may puting bulaklak.

Namamalikatang sinundan ni Saskia ang matanda sa dirt path patungo sa balkonahe kung saan nakatayo ang isang binatilyo. Alam niyang si Ron-Ron iyon, pamangkin ng kanyang tagapagalaga. Alam din niyang doon na halos ito nakatira, kasa-kasama ng asawa ni Nanay Choleng na si Tatay Juancho.

“Wow, ’Nay, ang ganda naman ng bahay n’yo! Grabe, ang daming bulaklak!” hindi niya mapigilang bulalas.

“Salamat, si Ron-Ron lang ang nag-aalaga ng

mga iyan.”

Nilingon niya ang lalaki na kasalukuyang inaabot na ang kanyang bag mula kay Nanay Choleng.

“Hi, Ron! Kumusta? Naaalala mo pa ba ako?”
Dinala na ito minsan ng kanyang yaya sa kanila sa Maynila.

Imbis na ngumiti o batiin man lang siya ay tila nag-panic ang binatilyo. Bigla itong umatras matapos siyang tapunan ng tingin, halos mabangga pa ito sa nakasarang pinto sa pagmamadaling makapasok.

Litong nilingon niya ang Nanay Choleng. “Ano’ng problema? Ba’t parang takot na takot siya sa akin?”

Bale-walang umiling lang ito. “Hayaan mo na at may sariling mundo ang batang iyon. Pasok na...”

Katulad ng sa labas ng bahay ay napakaaliwalas din sa loob niyon, napakasimple. Tatlo ang kuwarto at puti rin ang pintura. Ang maliit na living room ay napupuno ng murang asul na sala set. Malawak ang kusina kung saan naroon na rin ang dining area. Napakalinis ng bawat sulok ng bahay at alam ni Saskia na kahit napakaliit niyon kumpara sa mga bahay na nakasanayan na niyang tirhan ay ikatutuwa niyang tumira roon. There was a homey warmth inside Nanay Choleng’s house.

Nang lingunin niya ang yaya ay nagulat pa siya nang makitang mapagmahal itong nakatingin sa kanya.

“Ayos ka lang ba, 'Nak?”

Bigla ang pagdating ng panic sa dibdib ni Saskia nang muli ay mag-init ang kanyang mga mata. Mabilis siyang kumurap-kurap. “S’an ang kuwarto ko?”

“Dito.” Binuksan nito ang kuwartong pinakamalapit dito.

Sumunod siya at inilibot ang paningin sa silid. Isang double bed na may kulay rosas na kubrekama, ganoon din ang mga unan niyon. May puting bedside table kung saan may larawan siyang naka-frame. It was taken during her seventh birthday.

“K-kelan n’yo nilagay ang picture na ’yan, ’Nay? Masyado naman yata kayong nag-abala,” she said coldly. Ayaw niya ng kanyang nararamdaman nang oras na iyon.

Nang hindi sumagot ang matanda matapos ang ilang segundo ay napilitan siyang lingunin ito, at sa nakita niyang reaksyon sa mukha nito ay alam na niya ang sagot.

It had always been there.

She shrugged off that overwhelming feeling. Pagkatapos ay malawak siyang ngumiti bago niyakap ang kausap. “Ang sweet-sweet talaga ng nanay ko. Salamat, ’Nay, ha?”

Sanay na sanay na siya sa yakap ni Nanay Choleng, pero nang gumanti ito ng yakap ay parang gusto niyang pumalahaw ng iyak. Naisip niya kung nasaan siya ngayon kung wala ito. Kung wala itong

pakialam sa kanya. Kung hindi siya nito minahal na parang tunay na anak.

“Tama na ang drama mong bata ka. Mag-ayos ka na at mamamalengke pa tayo.”

Bumuntong-hininga si Saskia at muling ngumiti bago pinakawalan ang tagapag-alaga. “Gusto kong maligo. S’an ang banyo, ’Nay?”

“Sa likod ng kusina.”

Nangingiting sinarili na lang niya ang napipintong pag-angal. She’d always had her own bathroom in her room.



Pagkauwi sa bahay ay naligo lang si Vance at tumuloy na sa *Loreta’s*, ang nag-iisang disenteng kainan sa Santa Imelda. Katulad ng bahay na nabili niya ay nasa shoreline iyon ng lugar. Ang balkonahe ng restaurant ay nakatanaw rin sa walang hanggang karagatan ng Masbate na ang malalaking alon ay humuhulagpos sa pino at maputing buhangin sa dalampasigan. He would give it a few years and surely, tourists would discover the place.

Normal nang seafood ang specialty ng *Loreta’s*, pero malawak ang kino-cover ng menu nito. From cakes and pastries, special sandwiches, proper coffee and all types of meat in various recipes.

Ilang segundo pa lang siyang nakakaupo sa pinakasulok na mesa ng restaurant ay naroon na kaagad si Myra, isa sa apat na waitress ng restaurant. Myra was probably in her forties.

Nakasuot ito ng kulay rosas na pencil dress bilang uniporme na napapatungan ng waist apron.

“Kumusta, Vance? Kailan ka pa nakabalik?” tanong ng mabait na waitress.

One thing about the place, everyone knew everybody’s business.

Magalang siyang ngumiti. “Kanina lang. Naligo lang ako at tumuloy na dito.”

“Na-miss ka ng mga chicks mo dito, palagi kang tinatanong,” mapanukso nitong saad at inabot sa bulsa ng apron ang maliit na notebook at ballpen. “Ano’ng order natin?”

“Ah, potato salad saka ’yung beef baguette, isang bowl ng fries, please, saka mango juice.”

Napangiti ang babae. She knew that was his breakfast and lunch. Bihira siyang tumuloy sa restaurant para sa pananghalian. Karaniwan ay ganoong oras pumupunta sa *Loreta’s* ang mga ‘chicks’ na tinutukoy nito. The last thing on his mind that time was getting involved with someone.

“Yun lang ba?”

“Yup, thanks.”

“Sige, balik agad ako dala ang order—”

“Tatay Juancho!”

Sabay silang napalingon ni Myra sa babaeng nagkandahaba ang leeg sa pagsilip sa kusina.

“S-sige, Vance, balik kaagad ako,” kunot-noong paalam ng waitress na hindi maalis ang tingin sa babaeng ngayon ay yakap na si Juancho, kusinero

ng *Loreta's*. Nakatira ito ilang metro lang ang layo sa tinitirhan niyang bahay.

Gustong ilayo ng binata ang paningin sa pamilyar na babae, pero hindi niya iyon magawa. Why, the girl wore the shortest pair of shorts he'd ever seen, and incidentally, she also had the longest most alluring pair of legs. He was so focused on looking at her na maging ang mamula-mula nitong bukong-bukong ay napansin niya sa suot nitong puting flip-flops.

Tumaas ang paningin niya sa suot nitong puting summer top at naningkit ang kanyang mga mata. The top was painfully see-through and he could see her colorful summer brassiere screaming out of her top. He even got a better view nang sa wakas ay kumalas ito sa matandang lalaki. He had to swallow for some reason.

“Tay, batang-bata ka pa rin, ah! Parang marami kang chicks dito!” rinig niyang tudyo nito sa matanda na napakamot.

Noon lang niya napansin na kasama din nito si Nanay Choleng. “Saskia, huwag mong bibigyan ng ideya ’yang Tatay Juancho mo at baka mambabae nga. Mabubugbog ko ’yan...” kunwa ay pairap na sabad nito.

Inilayo na ni Vance ang paningin sa mga ito at sinikap na huwag nang makinig sa usapan. Pero sa kung anong sugo ng pagkakataon ay muling bumalik ang kanyang mga mata sa tatlo na ngayon ay kausap

na rin si Myra.

At that same moment, Saskia's gaze darted toward him. Kitang-kita ni Vance ang panlalaki ng mga mata nito, halos ay pigilan niya ang sariling iikot ang paningin sa paligid, he thought the place got brighter. Pero hindi niya iyon magawa, hindi habang nakikita niya ang unti-unting pagrehistro ng galak sa magandang mukha ng dalaga. Her big brown eyes sparkled as they appeared to recognize him. Bago pa siya makahuma ay walang paalam na iniwan nito ang mga kausap at malawak ang ngiting naglakad papalapit sa kanya.

"Hi, Vance! Fancy seeing you here..." Walang paalam itong naupo sa kaharap niyang upuan, nangalumbaba at namumungay ang mga matang tinitigan siya.

"H-hi..." He felt awkward. Hindi niya maintindihan kung bakit parang napakakomportable kaagad ng dalaga sa kanya.

"Salamat ulit sa pagsabay mo sa amin kanina pauwi," patuloy nito. "Mag-isa ka lang ba? Okay lang bang maupo ako dito? Baka may hinihintay ka." Nagkalambong ang bilugan nitong mga mata, at sa mga oras na iyon ay halos gusto niyang magkumahog na sabihin ditong wala siyang kasama, if only to make her eyes sparkle again.

Twat! he scolded himself.

"No, I'm alone."

"So, you don't mind if I join you?" There's that

sparkle again.

“Err... Well...” He didn’t want her to join him. Now how was he going to say that?

“Anong join ang pinagsasabi mo, Saskia? Mamamalengke tayo, di ba? Dumaan lang tayo dito para makita mo ang Tatay Juacho mo,” biglang singit ni Nanay Choleng na ipinagpasalamat niya. Hinarap siya nito at nagpatuloy. “Pasensya ka na sa alaga ko, Vance. May kakulitan talaga ’to.”

“Nay, gutom na ako, puwedeng bang mag-light snack muna tayo bago mama—”

“Hindi,” mabilis na putol ng matanda at hinatak ang dalaga patayo. “Kung nagugutom ka na, halika na at nang mapabilis ang pamamalengke natin, tuloy ay makapagluto na.”

Itinago ni Vance ang pagngiti nang makitang nagkandahaba ang nguso ni Saskia, sabay ng pag-ikot ng mga mata nito.

Pagkaraan ay muli itong ngumiti at hinarap siya. “Next time na lang, Vance. Labas tayo...”

Napalunok siya, unable to say a word.

“Saskia...” May warning na sa tono ni Nanay Choleng kaya napilitan ang alagang tumayo na.

Pero bago pa tuluyang makalayo ang dalawa ay muli siyang nilingon ni Saskia at kinindatan and then his stomach tightened, so did his jaw.

Biglang pumasok sa isip niya ang imahe ng isang dalaga, in her early twenties. She had a very lively smile. The type that would cheer him up even

though he was having the darkest of days. Pero bigla na lang dumilim ang kanyang mundo. Because he would never be able to see her smile again. Because of another girl.

Isang pilyang dalaga na gagawin ang lahat para lang makuha ang gusto nito. To the extent of deliberately hurting people.

And Margarete, poor old Margarete, got badly hurt. Sobrang nasaktan ang babae hanggang sa magdesisyon itong kitilin ang sariling buhay.

Naipilig ni Vance ang kanyang ulo. Palagi na ay pinipilit niya ang sariling huwag alalahanin ang pangyayaring iyon. He was only supposed to think of his happy days with Margarete and that was it. Hindi na kailangang ulit-ulitin pa sa kanyang memorya ang pagkasawi nito.

So he had to avoid people reminding him of the incident.

Sa mga oras na iyon ay napagdesisyunan niyang iwasan si Saskia. Hindi pa niya ito kilala nang lubusan, pero alam na niya ang klase nito. She was exactly the type of girl who ruined Margarete.

Malalim siyang bumuntong-hininga, at mayamaya pa ay dumating na ang kanyang order.

“Maganda ’yung alaga ni Choleng, ano?” nang-iintrigang saad ni Myra habang inaayos ang pagkain sa kanyang lamesa.

Napalington siya sa serbidora. “Yes, she’s very pretty,” matapat niyang sagot. There was no point

denying the obvious.

“Mukhang type ka. Nadagdagan na naman ang mga tagahanga mo. May napupusuan ka na ba?”

One thing about the place, people seemed to always want to know everybody’s business. “Nandito lang ako para magtrabaho, Myra.”

“Aba’y puwede mo namang pagsabayin. Kailangan lang ay disente ang piliin mo, para hindi makaapekto sa trabaho mo. Kilala mo ang pamangkin ko, di ba? Si Lory... napakabait na bata. Halatang may gusto sa ’yo pero ni hindi magawang magpunta dito pag nandito ka dahil sobrang mahiyain. Ganoong klaseng babae dapat ang piliin mo, Vance... Hindi iyong mahaharot dito sa paligid.”

Muli ay magalang lang siyang ngumiti. Kilala niya ang pamangking sinasabi nito. Average-looking, mahinhin at matangkad. She was all right, but again, he wasn’t looking for a relationship.

“Atin-atin lang ’to, ha?”

Muntik nang mapaatras si Vance nang biglang yumukod si Myra para bumulong. “Halatang galing sa siyudad ’yung alaga ni Choleng. ’Kita mo ang suot? Nasa kanya lahat ng paningin ng mga lalaki dito. Pag nagsi—”

“Ah... Myra,” putol niya sa kung anupang sasabihin nito. “Gutom na talaga ako. Gusto ko nang kumain.”

Sandali itong napamaang bago mabilis na tumuwid ng tayo at napapahiyang ngumiti. “Naku,

pasensya ka na, Vance, masyado akong nadala sa usapan natin. Sige na, kumain ka na... Tawagin mo lang ako kung may kailangan ka pa, ha?"

Ngumiti siya. "Salamat."

Hindi masisisi ng binata ang mga tao kung magkaroon kaagad ng negatibong opinyon sa bagong dating. Saskia was bluntly flirting with him and people in that place weren't used to it.

And damn it, he shouldn't care.

